## SO WHAT

- Papaano natatanggap ang kapangyarihan ng Diyos? Ano ang nagagawa ng kapangyarihang may kabanalan sa atin (2 Pedro 1:3)?
- Ano ang kinalaman ng ating mga panalangin sa kapangyarihan ng Diyos? Papaano isinasalarawan ng Bibliya ang panalangin ng isang tao na ginawang matuwid?
- Anong papel na ginagampanan ng pananampalataya sa pagpapakita ng mga malahimalang mga tanda? Ang iyong pananampalataya ba ay lumalago araw-araw?

## NOW WHAT

- Sa paanong paraan ka maaaring maglingkod bilang saksi ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal ng Espiritu? Kanino mo maaaring ibahagi sa linggong ito ang ebanghelyo?
- Papaano mo mapapalago ang iyong panahon sa panalangin at sa Kanyang Salita?
- Sa anong sitwasyon ka maaaring maging daluyan ng kapangyarihan ng Diyos, na maging sa mga malahimalang tanda? Mananalangin ng may pananalig na may gagaling mula sa karamdaman ngayong linggo.

# PRAYER

- Hingin sa Banal sa Espiritu na humigit pa ang kapangyarihan Niya sa iyong buhay at gamitin ka bilang daluyan ng Kanyang kapangyarihan sa iba lalo na yung may ugnayan kay Jesus.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mas masidhing paghahangad sa Kanyang Salita at panalangin.
- Manalangin ka ng mas higit pa, hindi tulad ng dati.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 3 FILIPINO

# May Kabanalang Pamamagitan

BEYOND NORMAL

## NOTES

# CONNECT

- Kung ikaw ay bibigyan ng Diyos ng lubos na kapangyarihan sa loob ng isang araw, ano ang nais mong makamtan at bakit?
- Kailan yung panahon na nakapagbahagi ka ng ebanghelyo sa ibang tao? Anong nangyari? Papaano mo nagawa ito?
- Kailan ka naging matagumpay sa isang sitwasyon dahil sa tulong ng ibang tao?

**WORD**

*[1]Ang nangyari sa Iconium ay katulad din ng nangyari sa Antioc. Pumunta sina Pablo at Bernabe sa bahay-sambahan ng mga Judio. At dahil sa kanilang pangangaral, maraming Judio at hindi Judio ang sumampalataya kay Jesus. [2]Pero mayroon ding mga Judio na hindi sumampalataya. Siniraan nila ang mga mananampalataya sa mga hindi Judio, at sinulsulan pa nilang kalabanin sila. [3]Nagtagal sina Pablo at Bernabe sa Iconium. Hindi sila natakot magsalita tungkol sa Panginoon. Ipinakita ng Panginoon na totoo ang kanilang itinuturo tungkol sa kanyang biyaya, dahil binigyan niya sila ng kapangyarihang gumawa ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay.* MGA GAWA 14:1-3

**WHAT**

Si Pablo at Bernabe ay matapang na nagbahagi ng ebanghelyo at maraming tao ang tumanggap nito. Kahit pa may mga tao na nagtangkang siraan sila, sa mga nakakilala kay Jesus, nanatili silang matapang at pinaglaban nila ang kanilang pananampalataya. Marahil dahil napagtibay ng Diyos sa pamamagitan ng mga malahimalang tanda ang kanilang pangangaral. Ang mga himala ba at tanda ay nangyayari pa ba sa panahon natin ngayon? Paano tayo kikilos sa kapangyarihan ng Diyos?

### 1 Tayo ay tumatanggap ng kapangyarihan mula sa Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

*"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."* MGA GAWA 1:8

Pinangako ng Diyos na tayo ay tatanggap ng kapangyarihan kapag hinayaan nating kumilos ang Banal na Espiritu sa atin at sa pamamagitan natin. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng kakayahang makapangusap ng buong tapang at mamuhay ng matagumpay na may pananalig (2 Pedro 1:3). Kailan mo huling nadama na kumilos ang Banal na Espiritu sa iyong buhay?

### 2 Ginagamit ng Diyos ang ating mga panalangin upang makamtan natin ang kapangyarihan Niya dito sa lupa.

*[16]. . . Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid, [17]katulad ni propeta Elias. Tao rin siyang tulad natin. Mataimtim siyang nanalangin na huwag umulan, at hindi nga umulan ng tatlo't kalahating taon.*
SANTIAGO 5:16,17

Ang panalangin ang ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak upang makipag-usap sa Kanya at makalapit sa trono ng may buong tapang. Isalarawan mo ang iyong buhay panalangin. Isalaysay ang ilang pangyayari na kung saan tumugon ang Diyos sa iyong panalangin sa isang sitwasyon.

### 3 Ang pananampalataya ay isang kaparaanan upang maipakita ang mga palatandaan at kababalaghan.

*Nagtagal sina Pablo at Bernabe sa Iconium. Hindi sila natakot magsalita tungkol sa Panginoon. Ipinakita ng Panginoon na totoo ang kanilang itinuturo tungkol sa kanyang biyaya, dahil binigyan niya sila ng kapangyarihang gumawa ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay.* MGA GAWA 14:3

*Hindi makapagbibigay lugod sa Diyos ang taong walang pananampalataya, dahil ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat maniwalang may Diyos na siyang nagbibigay ng gantimpala sa mga taong humahanap sa kanya.*
HEBREO 11:6

Ang pananampalataya ni Pablo at Bernabe ay nakita sa pamamagitan ng kanilang tapang na ipahayag ang ebanghelyo. Ang kanilang pananampalataya ay nagbigay daan na rin sa Diyos upang ang mga ilang palatandaan at kababalaghan ay malayang kumilos at magpatunay sa kanilang mensahe at bigyan Siya ng luwalhati. Ibahagi ang panahon na ikaw ay dumanas ng pagkilos ng Diyos na may mga tanda at mga kababalaghan nang ikaw ay magbahagi ng ebanghelyo.